



ALITUNTUNIN PARA SA PAGBIBINYAG

BINYAG SA LOOB NG BANAL NA MISA

Araw ng Linggo dalawang beses sa isang buwan ayon sa itinakda ng Parokya tuwing ika 2:30 ng hapon.

PAGTATALA

Ika-2 Linggo bago sumapit ang nakatakdang araw ng Binyag

MGA KAILANGAN:

IBIGAY and mga sumusunod sa araw ng pagpapatala:

1. Kopya ng **sertipiko ng kapanganakan** ng bata.
2. (Para sa mga **hindi taga-parokya ng SJB**) Pahintulot ng simbahan sa lugar ng mga magulang na sila ay pinapayagan ng kanilang kura Parokong mabinyagan ang kanilang anak sa ibang lugar.

IPAKITA ang mga sumusunod sa araw ng pagpapatala:

1. Original na kopya ng **sertipiko ng Katolikong Pag-iisang Dibdib** ng mga magulang ng batang bibinyagan,
2. **Sertipiko ng Kumpil** ng mga ninong at ninang kung wala pang asawa, o kaya ay **sertipiko ng Katolikong Pag-iisang Dibdib** para sa mga ninong at ninang na may asawa.

MGA PAALALA

MGA MAGULANG

Mas nakakabuti na ang magulang na nais pabinyagan ang kanilang mga anak ay kasal sa Simbahang Katoliko. Ito ay sa kadahilanang dapat isabuhay ng mga magulang ang kanilang pananampalataya sa Simbahang Katoliko at sumunod sa pinag-uutos nito, upang ito ang pananampalatayang kamulatan ng kanilang mga anak. (Pinapayagan rin binyagan ang bata kahit hindi kasal sa simbahan.)

MGA NINONG AT NINANG

Ang mga kukuning ninong at ninang ay kailangan mga katoliko na nakatanggap na ng mga sumusunod na sakramento: **Binyag, Kumpil at Euskaristiya**, at sila ay aktibo sa pagdiriwang ng mga Sakramento. Sila ay dapat nakahandang makipagtulun-

gan sa mga magulang ng bata sa paghuhubog nito sa pananampalatayang Katoliko. Ang mga magulang ay pinapayagan lamang na Kumuha ng hindi hihigit sa limang (5) pares ng ninong at ninang.

PAGSASANAY (Baptismal Seminar)

Itinakda sa mga magulang at mga ninong at ninang na dumalo sa isang seminar tungkol sa Binyag. Ang pagsasanay na ito ay nakatakdang tuwing **Sabado, ika-2:30 – ika 5:00 ng hapon**, maliban na lang sa mga Sabadong sadyang walang nakatakdang oras para dito. Ang mga magulang, ninong at ninang, ay maaring pumili ng isang sabado upang dumalo ngunit kina-kailangan na ito ay isang linggo bago ang araw ng Binyag.

PAGDIRIWANG

Ang pagdiriwang ng Sakramento ng Binyag ay isang padiriwang ng pamayanan ng Parokya. Ito ay ipinagdiriwang sa loob ng Banal na Misa sa isang araw ng Linggo na itinakda ng parokya tuwing **ika - 2:30 hanggang ika-3:30 ng hapon**. Sa pamamagitan ng Binyag, ang inyong anak ay nagiging miyembro ng Simbahan. Ang buong pamayanan ng parokya ay nagagalak na dumalo at magiliw na sumasalubong sa inyong anak sa napakahalagang okasyon at umpisa ng kanyang paglalakbay sa pananampalatayang Katoliko.

Sa ganitong paraan ang Binyag ng inyong anak ay mas magiging makahulugan kapag maami ang taong nagdarasal para sa kanya. Para ipakita ang aspetong pampamayanan ng Sakramento ng Binyag, hindi iminumungkahi ng parokya ang **solo o espesyal na binyag** maliban lamang kung ang dahilan ay tungkol sa kalusugan.

PANANAMIT

Ang wastong pananamit sa loob ng simbahan ay mahigpit na ipinatutupad. Ang lahat ay inaasahang manamit ng wasto. Ang mga ginang at binibini na nakasuot ng malaswang damit tulad ng **mababang kwelyo, walang takip na likod, maikling palda** at mga ginoo na nakasuot lamang ng **sando at shorts** ay hindi pahihintulutan pumasok ng simbahan.

PAGKUHA NG LARAWAN

Ang pagkuha ng larawan ay pinahihintulutan lamang sa aktual na pagbibinyag. Ipinagbabawal ang pagkuha ng larawan habang ang Banal na Misa ay ipinagdiriwang. Mabibigay po ng takdang oras para sa pagkuha ng larawan pagkatapos nang Banal na Misa.

ST. JOHN BOSCO PARISH CHURCH

Antonio Arnaiz Avenue corner Amorsolo Street, Makati City

Tel Nos. 8894-5932 to 34 | info@sjbmakati.com | www.sjbmakati.com